

“Umakyat Siya sa itaas at
nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.”



*Personal na patotoo ni Rev. William Branham
otungkol sa pagdating ng kaloob*



Rev. William Marrion Branham

“Umakyat Siya sa itaas at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.”

Patungkol sa pagdating nitong kaloob ng pagpapagaling, maisasalaysay ko lamang sa inyo ang karanasang iyon ayon sa pagkakadating nito sa akin. Taimtim at tapat kong paniniwala na ang mga kaloob ay itinalaga na nang una pa man ng Diyos. Marami ang hindi naniniwala sa paunang pagtatalaga, ngunit napatunayan na sa pamamagitan ng Mga Kasulatan na maraming mga kaganapan sa Biblia ang una nang itinalaga ng Diyos. Halimbawa, ang kapanganakan ni Cristo ay naitalaga na nang una pa man mula pa sa Halaman ng Eden. At mga 712 taon bago pa man ang pagdating ni Juan Bautista, ay nakita na siya ni Isaias at nangusap na tungkol sa kanya bilang siyang tinig ng isang sumisigaw sa ilang. Sinabi ni propeta Jeremias na bago pa man siya naanyuan sa sinapupunan ng kanyang ina, kilala na siya ng Diyos at hinirang na siyang propeta sa mga bansa. Naniniwala ako na ang paunang pagtatalaga ang may kinalaman sa kaloob na ito dahil din sa kadahilanang ito: wala akong kaalam-alam sa relihiyon. Magkaiba ang relihiyon ng aking mga magulang at dahil diyan, kailanma’y hindi ako nakapagsimba.

Ang unang pagkakataong nagkaroon ako ng ideya tungkol sa kung ano ang nakalaan sa hinaharap, ay mga nasa edad pito ako, na noo’y kapapasok pa lamang sa paaralan sa isang rural na bahagi na ilang milya pahilaga ng Jeffersonville, Indiana, kung saan isang pribadong tsuper ang aking ama para sa isang mayamang pamilya. Noon pa’y hilig ko na ang mangisda at mangaso...maging ang pagbabalik-loob ko’y hindi naalis iyon sa akin...at noong dapit-hapon na iyon ng

Setyembre ay ilan sa mga batang lalaki ang nagpunta doon sa palaisdaan na puno ng isda para mamingwit, habang ako nama'y kinakailangang mag-igib ng tubig para sa tatay ko. Ikinalulungkot kong sabihin sa inyo kung para saan gagamitin ang naturang tubig. Talagang napakalakas uminom ng tatay ko, at noong mga panahong 'yon ay gumagawa sila ng alak, kaya kailangan kong mag-igib ng tubig para sa mga gawaan ng alak, na pagaganahin nang gabing iyon. Sa pagbagtas sa daan, inilapag ko ang aking maliliit na mga timbang pinaglagyan ng arnibal at naupo sa ilalim ng isang puno para magpahinga nang ilang saglit, na umiiyak dahil hindi ako makapamingwit kasama ng iba pang mga batang lalaki. Habang nakaupo doon sa tabi ng puno, may kung anong nangyari na hindi ko kailanman malilimutan. Wari bang, may tunog ng haginit ng hangin sa mga dahon, pero, sa pagtingala ko, wala naman akong nakitang mga dahong inuuga ni anumang tanda ng isang hangin. Nanatili ako sa pagkakaupo, na nagitla at nagtataka kung saan nanggagaling ang naturang ingay, nang marinig ko na naman ito, kaya't dinampot ko na ang mga timba ko at binagtas na ang daan. Sa pagkakataong ito ay dumating itong muli, na mas malakas na kaysa sa dati, at sa paglingon ko para tingnan kung ano'ng nangyari, napansin ko na doon sa bandang gitna pataas ng puno ay tila ba may isang ipuipo, kung saan nagmula ang isang malinaw na tinig na nangusap ng mga salitang ito: "Huwag na huwag kang maninigarilyo, iinom, o dudumihan ang iyong katawan sa anumang paraan, sapagkat may gawaing inilaan para sa iyo paglaki mo." Labis akong natakot na hindi ko na noon alam kung ano ang gagawin. Naghihihiyaw at nagtatatakbo pauwi ng bahay, napasubsob ako sa mga bisig ng aking ina, na inakalang natuklaw ako ng ahas. Sinabi ko sa kanyang natatakot lang ako, kaya inihiga niya ako at tatawag na noon ng doktor, sa pag-aakalang ninenerbiyos ako sa labis na pagkasindak. Ngayon mga kaibigan, batid ko na maraming tao ang manunuya sa kuwentong ito, pero wala akong sagutin

sa sasabihin ng iba . . . may pananagutan lamang ako sa sarili kong karanasan. Di na kailangang sabihin pa, hindi na ako muli pang dumaan sa punong iyon. Lumiliko ako sa kabilang panig ng hardin para iwasan iyon, dahil inakala kong may isang tao doon sa itaas ng punong iyon. At naniniwala pa rin akong may tao nga sa naturang puno. Ang Anghel iyon ng Diyos, at sa paglipas ng mga taon, nakaharap ko Siya nang mukhaan at nakipag-usap sa Kanya.

Ilang linggo pagkatapos niyon, nakikipaglaro ako noon ng mga holen sa kapatid kong lalaki, nang isang kakatwang pakiramdam ang lumukob sa akin. Napasalampak ako sa tabi ng isang puno, at, para bang nasa isang panaginip, nakita kong lumitaw ang isang malaking balantok at tumawid ng ilog, at nanood habang ilang bilang ng mga tao ang nahulog sa ilog at nalunod. Nang mahimasmasan ako, tumakbo ako at sinabi sa nanay ko, at inakala na naman niyang isa lamang akong nerbiyosong bata. Dalawampu't dalawang taon mula nang araw na iyon, itinayo ang Pambayang tulay patawid ng Ilog Ohio, at ang siya ring bilang ng mga manggagawa ay nalunod, na nahulog noon sa naturang tulay. Nakita n'yo, hindi dumating ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng panalangin o hangarin, kundi naitalaga na nang una pa man ayon sa banal na kalooban ng Diyos.

Ang sumunod na pangyayari na kahalintulad nito ay dumating isang araw habang patungo ako sa ilog kasama ang aking ama at isa pang lalaki. Inalok nila ako ng isang tagay ng whiskey, at dahil sa nais kong makakuha ng pabor doon sa naturang lalaki para hayaan niya akong gumamit ng kanyang bangka, sinimulan kong kunin ang inumin. Ngunit kasing tiyak ng pagsasalita ko ngayon, narinig ko 'yung tunog na iyon na gaya ng hinihipang mga dahon. Nagpalinga-linga ako sa paligid, at nang walang makitang mga dahon o tanda man ng hangin, muli kong inilapat sa mga labi ko ang bote, nang marinig ko ang ingay ding iyon, mas malakas nga lamang.

Nilukob ako ng takot na gaya ng dati; binitawan ko ang bote at tumakbo palayo, habang tinatawag akong bakla ng sarili kong ama. Oh, gaano kasakit 'yon! Di naglaon, tinawag akong bakla ng isang bata pang kaibigang babae nang sabihin ko sa kanyang hindi ako naninigarilyo. Sa galit ko dahil sa kanyang pang-iinsulto, kinuha ko ang sigarilyo at hihititin ko na sana talaga ito; nang pigilin ako nung pamilyar na tunog na iyon, dahilan para maitapon ko ang sigarilyo at lisanin ang naturang tagpo na umiiyak dahil hindi ko magawang maging kagaya ng ibang kabataan, habang ang panunudyong ng karamiha'y umaalingawngaw sa pandinig ko. Ilan lamang ito sa maraming magkakatulad na mga bagay na naganap sa buong buhay ko. Naroon lagi ang kakatwang pakiramdam na 'yon, na tila ba may isang nakatayo malapit sa akin, na may kung anong sinusubukang sabihin sa akin, at lalo na kapag nag-iisa ako. Para bang wala ni isa mang nakauunawa sa akin. Iniiwasan ako ng mga kabataang lalaki na sana'y kasa-kasama ko dahil sa hindi ako naninigarilyo o umiinom, at nagtutungo naman sa sayawan ang lahat ng mga kabataang babae, na sa ganoon ay hindi ko rin magawang makibahagi, kaya para bang buong buhay ay isa lang akong itim na tupa, walang kakilala ni isa man na nakauunawa sa akin, at ni hindi rin maunawaan maging ang sarili ko. Pero hindi ko pa alam nang mga panahong iyon kung ano ang nakalaan sa dakilang hinaharap gaya ng nalalaman ko na ngayon.

Ang sumunod na mahalagang pangyayari na naaalala ko ay naganap noong mag- edad disinuwebe na ako. Namamasyal ako noon sa peryahan isang gabi kasama ng iba pang mga kabataang lalaki, nang may tinig na tumawag, "Uy, ikaw! Halika rito!" Paglingon ko, nakita ko ang isang bata pang binibining nakaupong nakasilong sa tolda, isang astrologo. Sumenyas siya sa akin na lumapit daw ako sa kanya, at, sa pag-iisip na baka may bagay siyang gustong ipagawa sa akin para sa kanya, pinagbigyan ko siya. Sabi niya, "Uy, alam mo bang ipinanganak ka sa ilalim ng isang tanda at may isang

bituin na sumusunod sa iyo? Ipinanganak kang may taglay na kaloob.” Siyempre, pinagtutukso na ako ng barkada tungkol sa ‘pagkakaroon ng kaloob’, kaya pilit kong pinutol iyon sa pamamagitan ng pagsasalita sa binibini, na nagsabi sa akin na bagama’t minasama ko ang pagsasabi niya sa akin niyon, balang-araw daw ay mauunawaan ko raw kung ano ang ibig niyang sabihin. Pinilit kong isantabi ang mga bagay na ito sa likod ng isip ko, namasukan sa iba’t ibang trabaho, na hindi kailanman nasiyahan, nagpalipat-lipat sa iba’t ibang lugar, kinailangang indahin ang pagkamatay ng aking asawa at anak na sanggol, at marami pang pagdadalamhati na halos higit pa sa kayang dalhin ng puso ng tao. Hinanap ko ang kapayapaan at kasiyahan sa lahat ng mga bagay na maiisip, subalit para bang may isang puwang na mga sampung pulgada doon sa bandang ikalimang tadyang sa katawan ng tao na sadyang hindi mapupunan hanggang sa si Cristo ay pumasok. At bukod pa sa sarili kong mga pagdadalamhati, naroroon lagi ’yung pakiramdam ng kung anong bagay na umaali-aligid sa akin, na nagdaragdag pa sa paghihirap ko. Sa wakas, dinala ako ng pagkahilig ko sa kalikasan sa isang trabaho bilang isang tanod sa pangangaso para sa estado ng Indiana, na siyang nagdala sa akin sa iba’t ibang bahagi ng estado.

Isang araw ay nakatayo ako sa isang siksikang bus patungong Henryville, Indiana, at, dahil naramdamang may nakatingin sa akin, lumingon ako sa isang pares ng matingkad na kulay-abong mga mata, na pag-aari ng isang babaeng mukhang kaaya-aya. Sabi niya sa akin, “Nalulungkot ka, hindi ba?”

“Hindi po,” sagot ko at nanatiling nakatingin sa labas ng bintana, na iniisip na natawag ang kanyang pansin ng uniporme ko at gusto lamang makipag-usap.

Nagsalita siyang muli, “Maigi sigurong ipaliwanag ko ang sarili ko. Isa akong astrologo.”

“Buweno,” naisip ko, “mainam na rin sigurong pakinggan ko kung ano ang sasabihin niya.”

“Talagang minamasama mo ito, hindi ba?”

“Opo, ganoon na nga.”

“Akala mo’y gusto kong makipag-usap sa iyo tungkol sa relihiyon, hindi ba?”

“Hindi ko po alam.”

“Relihiyoso ka, hindi ba?”

“Hindi po.”

“Marahil may masasabi akong isang bagay tungkol sa sarili mo. Taga-kanluran ka, hindi ba?” tanong niya sa akin.

“Hindi po.”

“Kung gayo’y gusto mong magtungo sa kanluran.”

“Oh buweno, iba naman ’yon. Noon pa ma’y gusto ko nang makapunta sa kanluran,” sagot ko, na iniisip na hahayaan kong magpatuloy siya sa pagsasalita at ikukumpara iyon sa kung ano ang sinabi ng isa pang astrologo.

“Ang dahilan niyan ay ang kapanganakan mo,” pagpapatuloy pa niya.

“Ano’ng alam mo tungkol sa kapanganakan ko?” Nagtataka kong tanong.

“Binata, kung sasabihin ko ba sa iyo ang mismong sandali ng kapanganakan mo, maniniwala ka ba sa akin?”

“Buweno, may pagkapundamentalista ako, at kung may magsasabi sa akin ng katotohanan, kailangan ko itong paniwalaan,” sagot ko. At naniniwala pa rin ako diyan—kung totoo ito, totoo nga ito.

Buweno, huwag ninyong itanong sa akin kung papaano niya iyon ginawa, pero sinabi nga niya sa akin ang mismong sandali ng kapanganakan ko. May isang binatang marino na nakatayo sa likuran ko, at tinanong ko siya kung masasabi niya sa naturang lalaki kung kailan ito ipinanganak. Sinabi

niyang hindi niya kaya, at, dahil sa hindi ko napag-uunawa iyon, tinanong ko kung bakit kaya niyang sabihin ang sa akin at hindi masabi 'yung sa lalaki. Sinabi niyang iyon ay dahil sa may isang tanda raw na sumusunod sa akin . . . at nanghina ang puso ko, sapagkat ibinalik niyon ang isang sariwang alaala ng kung ano ang sinabi ng iba pa sa akin. Tinanong niya kung may astrologo na raw bang kumausap sa akin dati, at sabi ko sa kanya'y wala pa, na nagsisinungaling sa binibini.

“May alam ka bang anuman tungkol kay Jesus Cristo?” tanong niya.

“Ang alam ko’y ipinapalagay Siyang ang Anak ng Diyos,” ang tanging nasabi ko.

“May alam ka bang anuman tungkol sa pagkakapanganak sa Kanya? . . .Ano ba ang dumating para unang sumamba sa Kanya?”

“Tatlong pantas na lalaki, kung tama ang pagkakatanda ko.”

“Ano 'yung sinusundan nila?” pagpapatuloy niya.

“Isang bituin, sa palagay ko.”

“Tama nga. Kung gayo’y mga astrologo marahil sila, dahil binabantayan nila ang mga bituin,” paniniyak niya. “Binata, nakapangusap na ako sa mga tao sa White House. Binalaan ko si Pangulong Harding tungkol sa kanyang kakaibang kamatayan, at mayroon din akong kung anong bagay na sasabihin sa iyo. Ipinanganak ka sa ilalim ng isang bituin upang maging isang tao na may kaloob. Hindi pa ba nasasabi sa iyo 'yan ng sinumang ministro?”

“Wala akong anumang kinalaman sa mga ministro,” sagot ko.

“Kung ganoon makinig ka sa akin: Noong ipanganak si Jesus Cristo, may tatlong pantas na lalaki buhat sa Silangan na sinundan ang isang mas karaniwang kilala bilang bituin;

pero ang totoo'y may tatlong bituin na nagtagpo sa Bethlehem, at sa pagtatagpu-tagpo, ay nabuo ang isang bituing iyon na nakalutang noon kay Cristo. Nang panahong 'yon, ipinadala ng Diyos ang pinakadakilang Kaloob na kailanma'y ibinigay Niya sa sanlibutan, ang Kanyang bugtong na Anak. Nang umalis na 'yung mga pantas na lalaki, naghiwa-hiwalay na ang tatlong bituing iyon at hindi na muli pang nagsama-sama buhat noon. Ipinahahayag palagi ng Diyos sa kalangitan ang Kanyang mga gawa bago Niya ipinahahayag ang mga iyon sa lupa, at ang mga pantas na lalaking iyon ay inaabangan noon ang propesiya ni propeta Balaam na isang bituin ang lalabas mula kay Jacob," pagpapatuloy niya, na binabanggit ang maraming Mga Kasulatan na hindi ko alam, pero nakinig akong mabuti habang nagpapatuloy siya. "Ngayon hindi na muli pang nagsama-sama ang naturang tatlong bituin, ngunit tuwing ilang taon ay nagkakasalubong ang mga landas ng mga iyon, at kapag nangyayari ito ay nagpapahiwatig ito na bilang pagkilala sa kapanganakan ni Jesus, ay may isa na namang kaloob na isusugong muli sa lupa. At noong ipanganak ka, ay nagkasalubong ang mga bituing ito. May isang bituing nakasunod sa iyo nang sumakay ka sa bus sa Jeffersonville; nakita ko ang bituin sa ulunan mo, at hindi ko maintindihan kung bakit hindi sinabi sa iyo ng iba ang tungkol dito bago ngayon."

Baka may magkamali ng pagkakaintindi, ipakikita ko maya-maya na ang paggamit ng astrolohiya ay wala sa Kasulatan at tiyak na hindi dapat paglaruan ng isang Cristiano (Isaias 47:13-14) at ang salaysay ng astrologong ito tungkol sa bituin ni Cristo ay kapaliwanagan niya, at hindi masusumpungan sa Mga Kasulatan. Ngunit nasa Kasulatan ang maging si Satanas ay magpatotoo sa kaloob ng Diyos, at iyon ang dahilan ko sa pagsasalaysay ng mga pag-uusap na ito.

Nang oras na iyon, maiisip n'yo na kung ano ang pakiramdam ko. Pagsapit sa patutunguhan ko, pinasalamatan

ko ang naturang binibini at bumaba na ng bus, pero hindi ko maiwaglit ang kakaibang pakiramdam na patuloy na umaaliligid sa akin, dahilan para maging nerbiyoso at magugulatin ako, kaawa-awa kapag nasa gitna ng mga tao, gayunma'y nangangamba na mapag-isa, natatakot sa tuwing ihip ang hangin. “Ano kaya ang ibig sabihin ng lahat ng ito?” paulit-ulit kong itinatanong sa sarili ko. Hindi nagtagal pagkatapos niyan ay nagbalik-loob ako at ibinigay ang aking buhay kay Cristo. (May naisulat na akong isang maikling salaysay ng buhay ko sa isang maliit na aklat na tinatawag na “Si Jesus Cristo Ay Siya Ring Kahapon, Ngayon At Magpakailanman.”) Pagkatapos ng pagbabalik-loob ko, na naganap sa isang maliit na silungan sa likod ng bahay namin, nakianib ako sa isang sangay ng iglesyang Baptist at naging isang lokal na elder, na itinalaga ni Dr. Roy Davis ng Jeffersonville. Pagkatapos ng isang matagumpay na rebaybal sa tolda doon, nagtayo sila para sa akin ng isang tabernakulo, na naroon pa rin sa 8th at 10th Street, na kilala bilang Branham Tabernacle, at sa loob ng ilang taon ay lalo pa akong nagtagumpay bilang isang ministro, na nakapagbautismo ng ilang libong katao at nasaksihan ang maraming pagbabalik-loob para sa kaluwalhatian ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Maging noon ay nagtagumpay na ako sa pananalangin para sa mga maysakit, bagama't hindi ko pa nalalaman noon kung tungkol saan ang lahat ng ito, at sa maraming pagkakataon ay dumarating sa akin ang mga pangitain at mahihiwagang mga bagay, na ilang bilang ng mga tao sa palibot ng Jeffersonville ang makapagpapatunay. Minsan ang isa na maaari kong banggitin: nasa isang lugar ako noon sa Ilog Ohio, na nagbabautismo ng isang malaking bilang ng mga nagbalik-loob, sa gitna ng isang malaking pulutong ng mga tao na nagkatipon-tipon sa pampang upang makita ang gawain. Maalinsangang hapon noon, at doon habang ang kalangitan ay tila ba gaya ng tanso, isang malaking maliwanag na bituin ang dumating at lumutang sa kinatatayuan ko. Marami sa inyo ang makakaalala na

nabasa nga iyan sa mga pahayagan. Maraming beses na itong nagpakita buhat noon. Kamakailan lamang ay naroon ako sa isang malaking siyudad para sa tatlong gabing gawain, sa gitna ng daan-daang mga tao. Ang unang ipinanalangin ko ay isang maliit na bata, na pinaikli na ng polio ang mga paa, dahilan para kailanganin niyang maglakad sa kanyang mga daliri sa paa. Gaya ng kinagawian sa mga pagtitipon natin, nakaupo ang mga tagapakinig habang nakayukod ang mga ulo bilang pagpipitagan habang nasa bisig ko ang batang lalaki at nananalangin para sa kanya, nang tila ba isang maliwanag na ilaw ang itinutok sa akin. Nagtaka ako sa kawalang-paggalang ng tagapangasiwa sa pagtututok ng ilaw sa akin, at sa pagmulat ko sa mga mata ko sa panggigilalas, naroon nakatayo sa harap ko ang tala sa umaga! Nabitawan ko ang batang lalaki, o kaya'y lumundag yata siya mula sa mga bisig ko. . .Hindi ko alam kung ano ang nangyari, sapagkat tila ba naparalisa ang bawat ugat ng katawan ko. Pagtungtong niya sa sahig ay naging normal na ang kanyang mga paa, at sa kauna-unahang pagkakataon sa buhay niya ay nakalakad siya nang natural paalis ng entablado. Nagkaingay ang mga nagsidalo; hinimatay ang nanay niya; isang batang babaeng Nazarene, na kaibigan ng naturang bata, ang tumutugtog noon sa piano ng, "The Great Physician," at nang makita nito ang himalang ginawa ng minamahal nating Panginoong Jesus, ay napatalon at napatakbo nang mga labinlimang talampakan palayo mula sa piano, na nakataas ang mga kamay nito, umiiyak at humihiyaw. . .at alam kong parang hindi ito kapani-paniwala, ngunit daan-daang ang makapagpapatunay nito. . .hindi pumalya isa mang tipa ng nota ang pianong iyon, kundi nagpatuloy sa pagtugtog ng awiting iyon. Maraming mga dakilang bagay ang naganap. Higit sa pitong daang katao ang nagbigay ng kanilang puso kay Cristo nang gabing iyon. Marami sa inyo na mga taong naroon noon ay makababasa nito. . .pagpalain kayo ng Diyos. Sinisikap ko pa ring gawin ang lahat ng makakaya ko para kay Cristo.

Ngayon bilang pagpapaliwanag hinggil sa tanong na madalas na dumarating. Maraming ministro ang nagtanong na sa akin, “Kapatid na Branham, ano’ng palagay mo tungkol sa astrolohiya? Ginagawa mo ba ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng astrolohiya, at kung hindi, bakit mo binibigyan ng pagkilala sa publiko ang mga astrologong iyon sa panghuhula ng bagay na ito?” Ito lamang ang masasabi ko: magsabi kayo sa akin ng isa mang dako kung saan ang kapangyarihan ng astrolohiya ay nagpapagaling sa mga maysakit. Sa lahat ng mga tagapagmasid sa mga bituin, mga manghuhula, mga espiritista, atbp. na nakilala ng sanlibutan, sabihin n’yo sa akin kung saan may isa na nakapagbukas ng mga mata ng bulag, nagawang makarinig ang bingi o makapagsalita ang pipi. May iisang paraan lamang...sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo at ng Kanyang nabuhos na dugo sa Kalbaryo. Ngunit ang lubhang kakatwa sa akin, (sa mga nagdaang panahon na gaya rin ng sa ngayon,) ay ang mga katotohanang gaya ng sumusunod: noong nakahimlay ang naturang Kaloob sa sabsaban, naroon ang mga saserdote sa templo na nagtatalu-talo kung mayroon nga ba o walang anumang muling pagkabuhay ng mga patay, at nang sandali ring iyon, isang pangkat ng mga pantas na lalaki ang dumating na galing pa sa malayo at nakilala ang Kaloob ng Diyos sa lupa. Tiyak nga, na masasabi kong ang astrolohiya ay sa kapangyarihan ng kabila, subalit maging ang diablo ay kailangang magpatotoo sa kaloob ng Diyos. Hayaan ang mga pantas na lalaking iyon na maging kung sino man o ano pa man sila...nagsipagpatotoo *nga* sila sa kaloob ng Diyos at dumating upang sambahin Siya bago pa man magawa ng mga saserdote sa templo. Gayon din noong nasa Filipos sina Pablo at Silas, at ang mga saserdote at mga ministro ng siyudad ay tinatawag silang mga impostor at ipinag-uutos na ibilanggo sila, isang hamak na manghuhula ang sumigaw sa mga tao na isinugo ng Diyos ang mga taong iyon upang ipakita sa kanila ang daan ng kaligtasan. Hindi ba’t kakatwa na itong

hamak na aliping-babae, na inaalihan ng masamang espiritu, ay nakilala ang kapangyarihan ng Diyos kina Pablo at Silas, gayong ni hindi man lang sila tinanggap ng mga pinuno. Hindi ba't kakatwa na, sa isa pang pangyayari, noong sinasabi ng marami na si Jesus daw ay si Beelzebub, sumigaw naman ang mga diablo na nasa isang lalaki at sinabing kilala nila kung sino Siya. . . ang diablo na ipinahahayag ang Kanyang pagka-Diyos, at ang mga Fariseo na nagsisipagsabing Siya raw ang diablo. At ganoon din nga ito ngayon, na marami ang nag-aalinlangan at nagtatalu-talo sa kanilang mga sarili tungkol sa kani-kanilang mga doktrina at mga teorya, at inilalayo ang mga tao sa mga pagpapagaling na pagtitipon, habang ang makalangit na kaloob ng Diyos ay patuloy na gumagawa sa mundo at marami sa kanila ay hindi ito nakikita. Oh, mga ministro! Nananalig ako sa Diyos na magigising din kayo. Hindi dahil sa ginawa akong tagapagdala ng kaloob na ito; wala akong anumang kinalaman sa pagdating nito. . . Isinugo ito ng Diyos. Nang naroon ang mga anak ng Israel sa Egipto na nagsusumamo para sa isang tagapagligtas, ay isinugo ng Diyos ang Kanyang Anghel kay Moises. Walang anumang kinalaman doon si Moises. . . ang Anghel ng Diyos ang siyang gumawa ng gawang iyon, ang nagsagawa ng mga himala. Isang tagapagsalita lamang si Moises para sa naturang Anghel ng Diyos; at ganoon lamang ako ngayon. . . isang tagapagsalita lamang para sa Anghel na iyon.

Kailangan kong sabihin sa inyo ang tungkol sa Anghel na iyon at sa pagdating ng Kaloob. Hindi ko kailanman malilimutan ang oras na iyon, Mayo 7, 1946. . . isang napakagandang panahon ng taon sa Indiana, kung saan namamasukan pa rin ako bilang tanod sa pangangaso. Umuwi ako ng bahay para mananghalian, at sadyang paikut-ikot lamang noon sa bahay habang tinatanggal ang aking barrel, nang isang malapit na kaibigan ko ang pumunta sa akin at niyaya akong sumama sa kanyang pumunta sa Madison nang hapong iyon. Sinabi ko sa kanyang di-maaari iyon dahil

kailangan kong magpatrolya, at habang naglalakad-lakad sa palibot ng bahay sa ilalim ng isang puno ng maple, tila ba na 'yung buong tuktok ng puno ay bumigay. Tila ba may kung anong bumaba doon sa punong iyon na gaya ng isang malakas na humahagibis na hangin...Nataranta ako... tumakbo sila sa akin...lumabas ng bahay ang asawa ko, na natakot, at tinanong ako kung ano'ng nangyari. Sa pagsisikap na pumanatag ang loob ko, naupo ako at sinabi sa kanya na pagkatapos ng humigit-kumulang dalawampung taon na ito na dinadalaw akong lagi nitong kakaibang pakiramdam, dumating na ang oras na kailangan kong alamin kung ano nga ba talaga ito, kung hindi ay di na ako babalik pa. Dumating na ang pinaka sandali ng pagpapasya. Nagpaalam na ako sa kanya at sa aking anak, at pinaalalahanan siya na kung hindi na ako makabalik pa sa loob ng ilang araw, ay huwag na akong hanapin pa. At narito, minamahala na mambabasa, ang bahagi ng mahiwagang karanasang ito na may kinalaman sa kagalingan ninyo, kaya basahin nang may pananalangin at nang maigi. Nang hapong iyon ay nagtungo ako sa isang lihim na dako upang manalangin at basahin ang aking Biblia. Lumalim ako sa pananalangin; para bang ang buong kaluluwa ko ay mahihawalay na sa akin. Nanangis ako sa harap ng Diyos...Isinubsob ko ang aking mukha sa lupa. Tumingala ako sa Diyos at nagsumamo, "Kung patatawarin Mo po ako sa mga nagawa ko, sisikapin ko pong pagbutihin... Ipagpatawad Mo po na labis akong nagpabaya sa lahat ng mga taon na ito sa pagsasagawa ng tungkulin na nais Mong ipagawa sa akin... maaari po bang mangusap Ka sa akin sa anumang paraan, Diyos? Kung hindi Mo po ako tutulungan, hindi na ako makapagpapatuloy pa." Pagkatapos noong kinagabihan, mga bandang alas-onse ang oras, huminto na ako sa pananalangin at nakaupo na nang mapansin ko ang isang liwanag na aandap-andap doon sa silid. Sa pag-iisip na baka may isang paparating na may dalang flashlight, dumungaw ako sa labas ng bintana, pero wala namang sinuman, at nang

lumingon ako, kumakalat na ang naturang liwanag sa sahiḡ, na lumalapad. Ngayon alam kong tila ba lubhang kakaiba ito sa inyo, na ganoon din naman noon sa akin, pero alalahanin, ang paggaling ninyo’y nakasalalay sa kung paniniwalaan n’yo ba ito o hindi, gaya ng makikita ninyo maya-maya. Habang kumakalat ang liwanag, siyempre ako’y kinabahan at patayo na mula sa silya, pero sa pagtingala ko, narooḡ nakalutang ang malaking bituin na iyon. Gayun pa man, wala itong limang tulis na gaya ng isang bituin, kundi mas mukhang isang bolang apoy o liwanag, na nagliliwanag doon sa sahiḡ. Noon din ay bigla akong nakarinig ng isang naglalakad sa sahiḡ, na muli kong ikinagulat, dahil wala akong kilala ni isa man na magtutungo roon liban sa sarili ko. Ngayon, paparating mula sa liwanag, nakita ko ang mga paa ng isang Lalaking papalapit sa akin, kasing karaniwan ng paglalakad ninyo papunta sa akin. Kung titingnan ay isa siyang Lalaki na, sa timbang ng tao, ay titimbang ng mga dalawandaang libra, nakasuot ng puting balabal, may makinis na mukha, walang balbas, ngunit may maitim na buhok na hanggang sa Kanyang mga balikat, medyo kayumanggi ang kulay ng balat, na nagtataglay ng napakakaaya-ayang bukas ng mukha, at nang papalapit na, ay nagkatinginan kami, at nang makita kung gaano ako natatakot, nagsimula Siyang magsalita. “Huwag kang matakot. Isinugo Ako buhat sa Presensiya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat upang sabihin sa iyo na ang iyong kakaibang buhay at ang hindi maunawaang mga ikinikilos mo ay nagpapahiwatig na isinugo ka ng Diyos upang ihatid ang isang kaloob ng Makalangit na pagpapagaling sa mga tao sa mundo. KUNG MAGIGING TAPAT KA, AT MAGAGAWANG PAPANIWALAIN ANG MGA TAO SA IYO, AY WALANG MAKAAHADLANG SA IYONG PANALANGIN, KAHIT NA KANSER PA.” Hindi maipapahayag ng mga salita kung ano ang naramdaman ko. Maraming bagay Siyang sinabi sa akin na wala na akong puwang upang maitala ko pa rito. Sinabi Niya sa akin kung papaano ko makikilala ang mga sakit sa

pamamagitan ng mga nasasagap na pakiramdam sa kamay ko. Umalis Siya, subalit maraming beses ko na Siyang nakita mula noon. Nagpakita Siya sa akin, marahil ay isa o dalawang beses sa loob ng anim na buwang tagal at nakipag-usap sa akin. Ilang beses na Siyang nagpakita nang harapan sa presensiya ng iba. Hindi ko alam kung sino Siya, ang alam ko lamang ay Siya ang mensahero ng Diyos sa akin.

Hindi na kailangang sabihin pa, nagsimula akong manalangin para sa mga taong maysakit. Hindi ko inaangkin ang lugar ng isang doktor. . . Sa tingin ko'y inilagay ng Diyos ang mga doktor dito upang tulungan ang kalikasan, subalit mga tao lamang sila. . . ang Diyos ang makapangyarihan sa lahat. Ang mga dakilang bagay na naganap sa loob nitong dalawampu't isang buwan na ito ay lubhang di na mabilang para maitala pa, ngunit pinatunayan ng Diyos ang mga salita ng naturang Anghel sa bawat pagkakataon. Mga bingi, pipi, bulag, lahat na ng uri ng mga sakit ay nagsigaling, at libu-libong mga patotoo na ang nakatala hanggang sa kasalukuyan. Wala akong anumang sariling kapangyarihan para magawa ito. . . Ako'y isang taong walang magagawa hanggang sa maramdaman ko ang Kanyang presensiya. Maraming tao na nakadalo na sa mga pagtitipong ito ang nakakaalam na ang kanilang mga sakit at mga kasalana'y nasabi sa kanila mula mismo sa entablado. Minamahal na mambabasa, pakiusap na huwag mamali ng pagkaunawa sa aking hamak, na mangmang na pamamaraan ng pagsisikap na maipabatid ang lahat ng ito sa inyo. Sinasabi ko ito upang magkaroon kayo ng mas malinaw na pagkaunawa kung papaano makikinabang sa kaloob ng Diyos. Sinabi Niya sa akin na maging tapat at papaniwalain ang mga tao, at iyon nga ang sinisikap kong gawin. Alalahanin, hindi natin kailanman pinag-aalinlanganan ang kakayahan ng Diyos; alam natin na kaya Niyang gawin ang lahat ng bagay, subalit ang problema ay ang paghihikayat sa isang tao na paniwalaan ang iba. Ang Diyos ay laging mayroong isang bagay o isang tao na magagamit,

at isa lamang akong instrumentong ginagamit Niya. Walang tao na maaaring tumanggap ng kapurihan sa pagpapamalas ng isang himala, at isa lamang akong tao. Hindi ko alam kung gaano pa ako katagal na pahihintulutan ng Diyos na gawin ito, ngunit sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, layunin kong paglingkuran Siya sa pinakamabuting paraang alam ko sa pamamagitan ng paglilingkod sa Kanyang mga hinirang hangga't pinahihintulutan Niya akong mabuhay.

Sa pagtatapos, sa inyo na naghahanap ng kagalingan sa mga pagtitipong ito. Hayaang iwan ko sa inyo itong dalawang alituntunin na nararapat ninyong sundin, upang matanggap ninyo ang inyong inaasahan mula sa Diyos.

1. Dapat ninyong paniwalaan na itong tala na aking isinalaysay sa inyo, at gayon din itong Kaloob ng Pagpapagaling, na ibinigay ng Panginoong Jesus Cristo, ay isang paraan na inilaan ng Diyos para sa inyong kagalingan.
2. Mangako na mamumuhay kayo para sa Diyos nang buong puso ninyo sa nalalabi pa ninyong buhay.

TAGALOG

©2011 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org